CITY OF DALY CITY

ILAGAY KUNG SAAN MADALING BASAHIN
-PARUSA AY IPAPATAW SA PAGLABAG

OPISYAL NA ABISO

ANG PINAKAMABABANG PASAHOD
SA CITY OF DALY CITY AY
$16.07
kada oras
Simula Enero 1, 2023

Simula Enero 1, 2023, ang pinakamababang pasahod na $16.07 sa lokal ng Daly City ay angkop sa lahat ng mga negosyo sa mga lugar na nasasakupan ng Daly City at sinumang empleyado na nagtatrabaho ng hindi bababa sa dalawa (2) o higit pang mga oras bawat linggo. Ang pinakamababang pasahod ay angkop sa lahat ng mga kumpanya na may mga empleyadong nagtatrabaho sa Daly City. Hindi maaaring gamitin ang tip, o anumang mga benepisyo tulad ng health insurance, vacation, sick leave o iba pang mga benepisyo na tapatan o gamitin bilang isang kredito sa mga obligasyon ng employer na magbayad ng pinakamababang pasahod ng lungsod.

Ang pinakamababang pasahod ayon sa ordinansa ng City of Daly City ay angkop sa matatanda at mga menor na empleyado na nagtratrabaho ng dalawa (2) o higit pang mga oras bawat linggo (hindi kasama ang mga tip). Ang pinakamababang pasahod ay iaakma taun-taon simula sa ika-1 ng Enero ng bawat taon. Simula sa Enero, 2023 ay $16.07 at taun-taon ang pinakamababang pasahod sa Daly City ay maaaring ibagay batay sa panrehiyong Consumer Price Index.

Sa ilalim ng ordinansa, ang mga empleyadong ipinaglaban ang kanilang karapatan na makatanggap ng pinakamababang pasahod ay protektado laban sa retalyasyon. Ang empleyado ay maaaring magsampa ng isang sibil na kaso laban sa kanilang employer para sa anumang paglabag ng ordinansa o maaaring magsampa ng reklamo sa City of Daly City. Ang City ay mag-iimbestiga ng posibleng paglabag at mangangailangang makita ang talaan ng payroll. Ang City ay ipapatupad ang mga paglabag sa Ordinansa ng pinakamababang pasahod sa pamamagitan ng pagbabalik ng mga empleyado, kabayaran ng naantalang sahod ayon sa batas at parusa.

Para sa mga tanong at karagdagang impormasyon o paniniwala na hindi ka binabayaran nang tama, makipag-ugnayan sa inyong employer o sa opisina ng City Manager sa:

City of Daly City, City Manager's Office
333 90th Street
Daly City, CA 94015
(650) 991-8127
MinimumWage@dalycity.org
www.dalycity.org/MinimumWage